

# Ano ang RA 9262 o Anti-Violence Against Women and Their Children Act?



## Ito ay batas na ipinasa na nagsasaad ng:

- Mga uri ng pang-aabuso o karahasan na ginagawa laban sa mga kababaihan at kanilang mga anak
- Proteksyong maibibigay para sa mga biktima
- Kaukulang parusa sa lumabag

## Nagbibigay ito ng proteksyon laban sa anumang aktong ginawa ng sinuman laban sa isang babae na:

- Kasalukuyan o dating asawa
- Kasalukuyan o dating live-in partner
- Kasalukuyan o dating kasintahan
- Mayroon on nagkaroon ng sekswal na relasyon
- Ina ng kanyang anak

## Sino ang pwedeng maghain ng kaso sa ilalim ng RA 9262?

- Kahit sinong tao ay pwedeng magreklamo o mag-umbong basta may personal na kaalaman sa nangyayaring kaso ng pang-aabuso.

## Lalaki lang ba ang pwedeng kasuhan ng VAWC?

- Kahit babae ay pwedeng managot sa batas. Ito ay pwedeng mga lesbian partners o girlfriend o kasalukuyang partner ng naaabuso

## Ano ang mga pwedeng maging parusa sa napatunayang lumabag sa batas?

- Pagkakulong ng nakasaad sa Revised Penal Code
- Multa na PHP 100,000 hanggang PHP 300,000 sa mga pinsalang naidulot
- Mandatoryong psychological counseling o psychiatric treatment at ipabatid ang pagsunod nito sa korte

Sa ilalim ng batas na ito, isang pampublikong krimen ang manakit o mang-abuso ng kababaihan at ang kanilang mga anak.



## Mga Ahensya at Numerong Maaaring Tawagan

Maaaring tumawag sa mga numero kung nais magtanong o mag-report ukol sa kasong nararanasan mo o ng iyong kakilala.

### Philippine National Police

177 o (02) 8532-6690

### Aleng Pulis

0919-777-7377

### Commission on Human Rights

0920-506-1194

0936-068-0982

### Public Attorney's Office

0939-3233-665

### Inter-Agency Council on Violence Against Women and their Children

0917-867-1907

0917-874-8961

### Barangay Hotlines



Gender Based Violence at Republic Act 9262 o Anti-Violence Against Women and Their Children Act





## Ano ang Gender Based Violence (GBV)?

Ito ay kahit anong pang-aabuso o karahasan na:

- Ginawa na **labag sa kalooban ng isang tao** at;
- Sa kadahilanan ng **pagkakaiba ng gender o kasarian**

## Ano ang mga halimbawa ng pang-aabuso?

### Pisikal na pang-aabuso

Alinmang uri ng mapanakit na pwedeng makapinsala sa pisikal na anyo o katawan ng GBV survivor.

### Sekswal na pang-aabuso

Mga aktong likas na sekswal; kabilang ngunit hindi limitado sa:

- Panggagahasa, sexual harrasment, o kalaswaan
- Pagtrato sa isang babae bilang isang sekswal na bagay
- Paggamit ng mga salitang malaswa na nakakapahiya o nakakapanliit
- Pisikal na pananakit sa maseselang bahagi ng katawan ng nakaranas ng pang-aabuso
- Pamimilit sa survivor na manood o magbasa ng mga malalawang palabas at babasahin
- Pamimilit sa survivor o sa kanyang anak na gumawa ng mga malalawang gawain o gumawa ng malalawang pelikula
- Pamimilit na magsama sa iisang bahay o matulog sa isang kwarto na katabi ang isang taong mapang-abuso
- Pagpapagawa sa nakaranas ng pang-aabuso, sa pamamagitan ng puwersa, pananakot o pamimilit, ng gawaing sekswal;
- Pagpilit sa nakakaranas ng pang-aabuso sa prostitusyon



### Sikolohikal na karahasan

Anumang gawain o di paggawa na nagdudulot ng paghihirap sa isip o damdamin ng kababaihan o kabataan, kabilang na, ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:

- Panggugulo
- Pagmamanman
- Paninira ng ari-arian
- Pamamahiya sa publiko
- Pang-aabuso sa paraan ng pananalita
- Pangagaliwa
- Pagpapakita o pagpayag na makita ng biktima ang pang-aabusong pisikal o sekswal sa iba pang tao
- Pagpapakita o pagpayag na makita ng biktima ang anumang uri ng pornograpiya
- Hindi makatuwirang pagbawal o pagkait ng karapatang pangalagaan o bistahin ang mga anak o kamag-anak ng nakaranas ng pang-aabuso

### Pinansyal na karahasan

Mga gawain na nagiging sanhi upang mawalan ng kakayahang pinansyal ang babae na nagiging sanhi upang umasa na lamang ang babae sa pananalapi tulad ng:

- Pagbawi sa sustentong pinansyal
- Pagbawal sa kababaihan na pumasok sa lehitimong propesyon, trabaho, negosyo, o gawain
- Pagkait ng kakayahang pinansyal at karapatan sa mga legal na pag-aari ng kababaihan
- Paninira ng kagamitan sa bahay
- Pamahahala sa sariling pera o pag-aari ng inaabuso

## Tumaas ba ang mga kaso ng Gender Based Violence dahil sa COVID-19 pandemic?

**Oo. Dumami ang kaso ng GBV dahil sa pandemya.**



- Tumaas ang kaso ng karahasan ng mga taong magkasama sa bahay
- Hindi magawang magreport ng mga nakakaranas ng pang-aabuso ang nangyari dahil sa lockdown
- Natatakot lumapit sa kinauukulan dahil sa takot mahawa ng sakit

## Ano ang pwede kong gawin bilang karaniwang mamamayan ukol sa Gender Based Violence?

- Alamin ang mga numerong pwedeng tawagan o taong maaring lapitan kung nakakaranas o may kakilalang nakakaranas ng pang-aabuso
- Alamin kung sinong kapitbahay, kaibigan, o kamag-anak ang pwedeng lapitan upang maging ligtas kung kinakailangan
- Siguraduhing may nakahandang importanteng dokumento, numero, pera, at gamot sa mga panahon ng emergency

